# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-26 ng Setyembre, 2025

## Ang mga Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ay Ipinadala na sa mga Rehistradong Botante para sa Espesyal na Eleksyon sa Nobyembre

Ipinadala na ang mga pamplet ng impormasyon ng botante sa mahigit 2 milyong rehistradong botante ng County para sa espesyal na eleksyon sa Ika-4 ng Nobyembre.

Ang mga pamplet ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga opsyon sa pagboto, mga deadline ng eleksyon at marami pa. Kasama rin dito ang isang sampol na balota kung ano ang magiging hitsura ng inyong isang opisyal na balota. Karagdagan pa rito, makakahanap ang mga botante ng isang listahan ng mga opisyal na ballot drop box at mga vote center sa loob ng kanilang pamplet ng impormasyon para sa botante o online sa sdvote.com.

Maaari ring makita ng mga botante ang kanilang mga pamplet sa online gamit ang link na Tingnan ang Isang Pamplet ng Impormasyon ng Botante (Sampol na Balota) sa sdvote.com.

Kung nag-sign up kayo upang kunin ang inyong pamplet ng impormasyon para sa botante sa elektronikong paraan, dapat ay nakatanggap kayo ng email na naglalaman ng parehong impormasyon at isang link sa inyong pamplet.

Ang mga botante na gustong maunang makita ng kanilang pamplet tuwing eleksyon ay maaaring mag-sign up upang matanggap ang lahat ng mga pamplet sa hinaharap sa elektronikong paraan. Ang mga botanteng pipili ng opsyong ito ay hindi na makakatanggap ng isang kopya ng papel sa koreo ngunit makakatanggap ng email kapag ang pamplet ay naging available na online.

Bawat aktibong rehistradong botante ay makakatanggap ng balota sa koreo at magkakaroon ng tatlong opsyon para isauli ang kanilang balota: sa pamamagitan ng koreo, sa isa sa mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro o sa kahit alinmang vote center. Maaaring asahan ng mga botante na makakatanggap ng kanilang balota sa linggo ng Ika-6 ng Oktubre, na nagbibigay sa kanila ng halos isang buwan upang markahan ang kanilang balota at ibalik ito bago ang pinal na araw ng pagboto sa Ika-4 ng Nobyembre.

Ang mga botante sa buong estado ay magpapasya kung aaprubahan ang Proposisyon 50, isang pag-amyenda sa Konstitusyon ng Estado na may kinalaman sa muling-pagdidistrito. Maaari kayong matuto nang higit pa tungkol sa proposisyong ito sa Gabay ng Impormasyon para sa Botante ng California (English Lamang).

Ang mga botante na naninirahan sa Ika-2 Distrito ng Konseho ng Lungsod ng Poway ay magkakaroon ng karagdagang katanungan sa kanilang balota. Ang mga botante ng Ika-2 Distrito

ng Poway ay magpapasya kung aalisin sa katungkulan ang kanilang nahalal na representante sa konseho ng lungsod. Tanging ang mga botante na nakatira sa Ika-2 Distrito ng Konseho ng Poway ang maaaring bumoto para sa kontest na ito. Kung hindi ka sigurado kung nakatira ka sa distrito, maaari mo itong tingnan sa sdvote.com.

Ang maagang pagboto ay magsisimula sa Lunes, Ika-6 ng Oktubre, sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa, na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, San Diego. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Gayunpaman, hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na samantalahin ang kaginhawahan ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Maaari kayong bumoto sa bahay at ibalik ang inyong binotohang balota sa pamamagitan ng koreo – hindi na kailangan ng selyo – o ihulog ito sa alinman sa mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro simula Martes, Ika-7 ng Oktubre, hanggang Araw ng Eleksyon, Ika-4 ng Nobyembre. Bisitahin ang sdvote.com para sa listahan ng mga lokasyon at oras ng operasyon.

Kung nais ninyong bumoto nang personal, samantalahin ang maagang pagboto. Simula Sabado, Ika-25 ng Oktubre, ang piling mga vote center sa buong county ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Simula Sabado, Ika-1 ng Nobyembre, lahat ng vote center ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Sa pinal na araw ng pagboto, Ika-4 ng Nobyembre, lahat ng vote center, opisyal na ballot drop box at ang opisina ng Tagapagrehistro ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa espesyal na eleksyon sa Nobyembre sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER